



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-4 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

IPINADALA NA ANG MGA BALOTANG PANGKOREO PARA SA ELEKSYON NG IKA-79 NA ASEMBLEYA NG DISTRITO

Mahigit sa 300,000 mga balotang pangkoreo ang paparating na sa mga nakarehistrong botanteng karapat-dapat na bumoto sa Espesyal na Primarya, Eleksyon ng Ika-79 na Asembleya ng Estado sa Ika-6 ng Abril. Maaari ninyong makita ang sa inyo sa inyong mailbox kasing aga ng Lunes, Ika-8 ng Marso. Makikita rin ninyo ang inyong Pamplet ng Sampol na Balota at Impormasyon para sa Botante at inyong “Bumoto Ako” na sticker sa loob ng inyong opisyal na pakete ng balotang pangkoreo.

Ang mga nakatira lamang sa Ika-79 na Distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon. Ang area ay kinabibilangan ng southeastern San Diego, mga lungsod ng La Mesa at Lemon Grove, at mga bahagi ng Chula Vista, Bonita, at National City. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa distrito ng Ika-79 na Asembleya? Maaari ninyong malaman [dito](#).

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay hinihikayat ang mga botante sa Ika-79 na distrito na bumoto nang mas ligtas sa tirahan sa pamamagitan ng kampanya nitong [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#). Maaari ninyong ibalik ang inyong minarkahang balota na nasa pre-paid postage na sobre sa anumang [opisina ng U.S. Postal Service o collection box](#). Ang mga botante na binalik ang kanilang balotang pangkoreo sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa [“Nasaan Ang Aking Balota?”](#).

Simula Lunes, Ika-29 ng Marso, magkakaroon din kayo ng opsyon na i-drop off ang inyong balota sa isa sa maraming mail ballot drop-off location sa buong distrito.

Maaari kayong bumoto nang in-person simula Ika-8 ng Marso. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas para sa maagang pagboto mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes sa 5600 Overland Avenue sa Kearny Mesa.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-4 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang opisina ng Tagapagrehistro at inyong itinalagang lugar ng botohan ay magbubukas ng ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Martes, Ika-6 ng Abril. Maaari ninyong hanapin ang inyong itinalagang lugar ng botohan sa loob ng inyong pakete ng balotang pangkoreo o maaari ninyong tingnan ito [online](#).

Dalhin ang inyong face mask at planuhin na panatilihin ang social distance. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay sumusunod sa mga public health order ng County at magkakaloob ng mga makatwirang accommodation kung kailangan upang siguruhing ang kalusugan at kaligtasan ng lahat ng mga manggagawa sa eleksyon, mga botante, at mga observer sa aming opisina at mga lugar ng botohan.

Dagdagan ang kaalaman tungkol sa pagboto sa Espesyal na Primarya, Eleksyon ng Ika-79 na Asembleya ng Estado sa sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

